HUWAG LISANIN ANG KABUNDUKAN[*]
ni Arthur P. Casanova

MGA TAUHAN :

MANGGAGAWANG KULTURAL -
Ang tauhang magmomonologo na nakabihis ng modernong kasuotan na karaniwang nakikitang gamit ng mga *cultural worker* na gaya niya. Maaaring lalaki o babae ang gaganap at magsisilbi ring Tagapagsalaysay sa kabuuan ng dula.

KORO NG MGA MANANAYAW –
Isang grupo ng mga kalalakihan at kababaihang nakabihis ng kasuotang-Lumad na magsisikilos o magsisigalaw ng mga sinasabi/isinasaad ng MANGGAGAWANG KULTURAL. Sila rin ang gaganap sa iba't ibang papel na nakapaloob sa monologo.

KORO NG MGA MUSIKERO -
Isang grupo ng mga kalalakihan at kababaihang nakabihis ng katutubong kasuotan ng mga Lumad na magsisilbing tagatugtog ng mga katutubong instrumentong musikal.

TAGPUAN :
Isang tanghalang halos walang laman kundi dalawa o kaya'y tatlong magkakaibang taas ang *level* na entablado.

PANAHON :
Kasalukuyan, ang panahon ng pagkamulat.

"LUMAD, huwag mong lisanin ang kabundukan"

(Habang wala pang ilaw ang entablado, maririnig ang sabayang pagbigkas ng titulo ng monologo. Sa pagliliwanag ng tanghalan, makikita ang dalawang KORO NG MGA MANANAYAW at MUSIKERO na nasa entablado, sumasayaw

[*] Tulang nagwagi ng Ikalawang Gantimpala sa Gawad Surian sa Tula, Gantimpalang Collantes 2003, na isinaayos nilang tula-dula.

at tumutugtog ng katutubong musika. Papasok ang MANGGAGAWANG KULTURAL.)

MANGGAGAWANG KULTURAL :

Nakatunghay ka na naman
sa kinamulatang kabundukan
malawak na kapatagan
minamasdan-masdan:

(Gagalaw ang KORO ng mga MANANAYAW ayon sa isinasaad ng tula at sasaliwan ng angkop na tugtog ng KORO ng mga MUSIKERO.)

MANGGAGAWANG KULTURAL :

Hindi man malinaw sa mata
ngunit nakikini-kinita
ang iyong mga nasaksihan
noong huling pamamasyal –
sementadong *highway*,
mga trak na humaharurot,
kinungkretong bahay,
pabrikang nagbubuga ng usok
ng kung anu-anong kemikal
lumalason sa hangin,
karagatan at ilog.

(Tutugtog ang KORO ng mga MUSIKERO at sasaliwan ng katutubong musika ang malikhaing kilos at galaw ng KORO ng mga MANANAYAW.)

MANGGAGAWANG KULTURAL :

Nagulanit ang diwa mo
nalamukot ang isipan
nasugatan ang puso
damdami'y nasaktan
pagkat itong kapatagan
lubha nang nagbago
malaki ang kaibhan
sa dating pasyalang
madaling puntahan
sa sapa lamang dumaraan
para umikot sa kabayanan
para mamukot sa karagatan.

Hindi ngayon mapakali
mga paa'y hinihilang pababa
sa mapang-akit na kabayanan
hinahalina ng ilaw-dagitab
inaakit ng kabihasnan
ng magaslaw na
kinang at kintab
at walang katiyakan
kung ito'y mabuti
o masama.

(Mag-aanyong bata ang gumaganap na bida mula sa KORO ng mga MANANAYAW na panggagalingan din ng gaganap na Ina at Ama. Ang ilang miyembro ay magpapalit ng damit na moderno bilang mga siyudad.)

MANGGAGAWANG KULTURAL :

Sa iyong kamusmusan
naalaala mo pa –
noong una kang bumaba
sa bundok
kasama si Ama at si Ina
katutubong damit ang saplot
walang sapin ang mga paa
dala-dala'y basket saka pulót
banig at hinabing tela
durian, marang at langka
búyo at ngánga,
unggoy, baboy-ramo't usa.
Pagsapit sa bayan
ikaw ay namangha –
namilog ang mga mata
naluha sa nakita
bagong damit at sapatos
saka kung anu-ano pa
naglaway sa paninda
hamburger at *pizza*!
At higit sa lahat,
may kahong nagsasalita?
Television, sabi nila.
Ikaw ay napanganga –
sa gilid ng mga mata
batid mong napatawa

ang napagtanungan.
Pero wala kang magagawa
dahil talagang ika'y napatunganga.
Mga dala-dala'y
sa asukal ipinagpalit
asin pati sa segunda manong damit,
mga de lata't sardinas,
saka suput-supot na danggit!
Nagkalumpon
sa kanila
mga taga-ibaba
maruming mga paa'y inalipusta
ngiping maiitim minata't kinutya
tinawag kang taong-bundok
mga dala ay dinumog
mukha ka raw tapang usa
mukhang-unggoy iyong Ina
tuloy muntik kang nanuntok.

Pagbabalik sa pinagmulan
humigpit ang tikom ng kamao
naging palaisipan mo
sibilisasyon, ano ba ito?
di talaga magagap
ng iyong diwang pahat
pangamba't takot ang hudyat
nag-iwan ng sugat
natuliro, nabalisa
nakabuhol sa alaala
umuukilkil sa utak
pilit iniwawaglit
karanasang di mapaknit.

(Magbabago ang ilaw at makikita ang pagdami ng mga taong taga-siyudad. Pati ang tema ng tugtugin ay magbabago rin.)

MANGGAGAWANG KULTURAL :

Alumpihit ka na naman
minamalas paanan ng bundok.
papalapit nang papalapit
mga bakahan
pabrika ng karne norte

manukan at babuyan
masangsang na amoy
nalalanghap
umaabot hanggang sa
kinaroroonang tuktok.
Bakit ka maaakit
sa kabihasnan?
mapalad kang isang Lumad
paraiso ang kagubatan
araw ang iyong hari
sa maghapong nasisilungan
ng lilim ng kawayanan
kaulayaw mo'y hangin,
duyan mo'y ulap
bituin ang kaniig
buwan ang kapiling
sa gabing madilim.

(Sa pagbabagong muli ng ilaw, mapapanood ang malikhaing pagkilos at paggalaw ng KORO ng mga MANANAYAW na mag-aanyong kalikasan ayon sa isinasaad ng tula.)

MANGGAGAWANG KULTURAL :

Tuwa ang dulot ng mga kulisap
awit ang kapara ng huni ng ibon,
ng aliw-iw ng batis
lagaslas ng talon,
bukal ang gamot sa pagkatighaw
ng katawang pagal
sa paghahanap ng kamote at gábi.
Malaya kang nakahihiyaw
tulad ng mga hayop na ligaw
baboy-ramo’t usa
pagkain ng pamilya
pang-alay sa iyong diyos...

Lumad, huwag kang mainggit
sa nakikita sa kapatagan,
sa namamalas sa paanan ng bundok
higit kang mapalad
kalikasan ang panginoon.
Umusal ng mga dalangin

mag-alay sa mga diwata,
kasama ng babaylan,
gumawa ng ritwal.
Itampok ang awit at sayaw.
Awitin ang oyayi,
himig ng pag-ibig
umindak ka
tulad ng mga kilos
ng unggoy, agila at palaka
patugtugin ang agong
kulintang at kudyapi
makiisa sa kapayapaan
ng espiritu ng kagubatan.
Ano pa ang minimithi mo?
Bakit gumon sa pagkabalisa't
Sinasalat ang pangarap?

Lumad, huwag!
Huwag mong lisanin ang kabundukan
ituloy ang paghahabi
ng katutubong tela
ng mga banig.
magpaugoy sa ulap
makipag-ulayaw sa hangin
makipagniig sa mga bituin
lumilim sa kawayanan
at iwaksi ang kapatagan
limutin ang kabayanan!

Huwag mo nang naising bumaba.
naglipana doon
mga buwaya't tiwali
mga ulupong at imbi
balot doon ng luha
ng ligalig at pangamba,
ng siphayo't pighati
ginagalugad iyon
ng mga buwitre
na handang sumakmal
at handang sumagpang
sa gaya mong walang muwang.
Tahanan mo'y paraiso

palamuti'y orkidyas at pakó
bukal at talon matatayog na púno
hagdanan mo'y bato't saka gulod
akyatin ang taluktok
mga bitui'y haranahin
ang sarili'y panoorin
sa sapa at lawa
ulinigin, halinghing ng hangin,
ugoy ng ulap, bulong ng bituin.
Mapalad ka Lumad
may sariling identidad,
payapang namumuhay
malayo sa mga sukab.
Bakit nais mong lisanin
tahanang kabundukan?
di ba sapat
ligayang dulot
ng kalikasan?

(Magbabago ang ilaw at muling lalabas mula sa KORO ng mga MANANAYAW ang mga taong taga-siyudad.)

MANGGAGAWANG KULTURAL :

Isa pang alaala
na hindi mabaklas
nakabalatay sa isip
kumukudlit sa gunita
ang panahon
ng kabinataan mo –
nagmamadaling lumikas
nang nagliyab ang kaparangan
gumapang sa kagubatan
nilamon ng apoy
buong kabundukan
mga pabayang kaingero
ang siyang dahilan.
Bumaba ka sa bayan
tinunton sanga-sangang daan
tribo mong walang masulingan
hinagilap ang kaligtasan
tiniis ang gutom
bituka'y nangaluntoy

nagbihis-Kristiyano
pumasok na kargador,
nagsilbi bilang tindero
may naging katulong
iba'y nagbenta ng laman.
sumasagitsit ang galit
nang maranasan
hirap at sakit.

(Magdidilim ang ilaw at tanging ang MANGGAGAWANG KULTURAL at ang gumaganap na LUMAD ang makikitang nagmimima. Plawta at kudyapi ang maririnig na tugtog.)

MANGGAGAWANG KULTURAL :

Kalagaya'y aba
naging pulubi't alipin.
tinabsing ang dugo
nawalan ng sigla
nakabalatay sa isip
Bakit doo'y nanaising tumira
at magtiis sa dusa
gayong doon sa kabundukan
ikaw ay datu
may mga tagasunod
ikaw ay sultan
na iginagalang.
Nagpasya kang maghanap
ng ibang kabundukan
ama mong maysakit
di na naabutan
ang pagbabalik
sa mapagpalang sinilangan.

(Magliliwanag ang ilaw at makikitang muli ang mga taong taga-siyudad sa pagbabago ng musika.)

MANGGAGAWANG KULTURAL :

Sa iyong paglalakbay
isang bulubundukin
iyong natanaw
dumadagundong na buldoser
tinitibag matitigas na bato

umaalimbukay ang lupa
minahan pala ng mga ganid.
Unti-unting nauubos
likas-yaman ng bayan
kapitalista'y taga-ibang bansa
manggagawa'y katutubo
nagtitiyaga sa maliit na kita.

(Sasayaw ang KORO sa muling pag-iiba-iba ng eksena.)

MANGGAGAWANG KULTURAL :

Sa bagong tahanan
sa katabing bundok,
naging kanlungan
ng mga rebelde
tinutugis ng mga militar
mga sugata'y ginagamot
ng mga katas ng dahon
pinahigop ng sabaw
sinubuan ng lugaw.

Muli, binagtas ang daan
patungo sa kapatagan
hinatid ang kabayan
di alintana ang panganib
makatulong lamang sa kapatid.

Ngayong may edad ka na
Lumad, nakatitig ka na naman sa ibaba.
Mga matang dati'y malamlam
ngayo'y sakbibi ng sigla
takot at pangamba, nahalinhan ng tuwa.
Iyong napagmuni
langit pala ang tumira
sa sinapupunan ng kalangitan
sa dibdib ng kabundukan.
Repleksyon ka ng kulturang
walang bahid ng dayuhan
salamin ka ng sariling kakanyahan.
Sa iyo nakasalig, pag-asa ng taumbayan
tanging ikaw ang nalalabi
bantay ng kabundukan.

Pana at sibat ang isalubong
sa magtatangkang
lulupig sa iyong sinasakupan.

(Makikitang lahat ang miyembro ng KORO ng mga MANANANAYAW sa tanghalan at magiging maigting ang kanilang pagsasayaw sa paigting din nang paigting na pagtugtog ng musika ng KORO ng mga MUSIKERO.)

MANGGAGAWANG KULTURAL :

Tutulan ang puputol
ng kakahuyan
labanan ang lalapastangan
sa Inang Kalikasan.

Lumad, huwag lisanin ang kabundukan
pagyamanin ang lupang kinagisnan
ikarangal katutubong kalinangan
bantay ka ng kagubatan
tagapagligtas ng kabundukan
dangal ng sambayanan.

(Magtatagpo sa gitna ng tanghalan ang gumaganap na LUMAD at ang MANGGAGAWANG KULTURAL saka magyayakap. Lalong iigting ang musika at sayawan. Unti-unting magdidilim.)